

Experience the Outdoors

with San Diego County
Parks and Recreation

ISANG INISYATIBA + TATLONG KAMPANYA PARA PATAASIN ANG KAMALAYAN, PAGSASAMA, KATARUNGAN, AT ACCESSIBILITY SA SAN DIEGO

Isa ang County ng San Diego sa mga lugar na may pinakamaraming magkakaibang etnisidad at kultura sa bansa. Sa mga parke at preserve na pinamamahalaan ng County, ipinagdiriwang ang pagkakaiba-ibang ito sa pamamagitan ng matatag na sistema ng parke, na may mga ari-arian sa lahat ng heograpikong rehiyon at sa pamamagitan ng dose-dosenang programa at serbisyo na iniaalok para maisali, maturuan, malibang, at mabigyang-kakayahan ang mga bisitang may iba't ibang edad, interes, at kakayahan.

Nakikipagpulong ang Departamento ng Mga Parke at Libangan (Department Of Parks And Recreation, DPR) sa mga tao kung saan kinikilala nilang may mga balakid sa pagbisita sa parke. Sa pamamagitan ng mga inalis na singil, libreng pag-arkila at transportasyon, at tulong sa pagsasalang-wika, naglunsad ang mga tauhan ng tatlong bagong kampanya para palawakin ang pagtulon at mahikayat ang mas marami pang tao na gumugol ng panahon sa pagbubuklod sa labas.



Nagbibigay-kaalaman ang seryeng Rad Regional Parks hinggil sa 23 panrehiyong parke ng DPR sa pamamagitan ng pagtampok ng isang parke bawat buwan at lahat ng masasayang aktibidad at kaganapan nagaganap sa lugar. Inaalas ang mga singil sa pagparada sa mga tampok na parke para sa buwan, at may mga nakokolektang sticker ang mga ranger! Nasa link sa ibaba ang mga listahan ng kaganapan sa kalendaryo.

Sa pakikipagtulungan sa Samahan sa Pagbibisikleta sa Bundok ng San Diego (San Diego Mountain Biking Association), REI San Diego, Lungsod ng San Diego, at sa iba pa, nakabuo ang DPR ng paligsahan sa pagbisikleta sa bundok na nagtatampok ng walong daraanan para sa baguhan, panggitna, at advanced na siklista sa anim na parke ng County. Kasama sa DIY na kampanyang ito ang mga buwanang pagpupulong, giveaway, at oportunidad na mahiram ang lahat ng kinakailangang kagamitan.



Idinadala ng serye ng edukasyon na ito na hands-on at hinihimok ng customer ang mga bagay pabalik sa mga pangunahing kaalaman. Matuto ng mga dapat malaman kapag nasa labas, gaya ng kung paano mag-hike, magbisikleta, mag-camp, mangisda, mag-kayak, at umakyat nang nakakapit sa bato sa ilalim ng direksyon ng mga tauhan ng parke, nang kasama na ang lahat ng supply at may opsyonal na mga serbisyo sa transportasyon at pagsasalang-wika.

sdparks.org/experienceoutdoors

